# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija




ISSN 2507-8933
Tomo 7, Blg. 1 | 2022
Unang Isyu

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER


Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.

Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.


**PATNUGUTAN**

**Tomo 7, Blg. 1 | 2022**
Unang Isyu

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA IRANG-MARIANO
**Manunulat** RONALINE C. CANUTE, MA. CECILIA IRANG-MARIANO, DINE YVE D. DAGANOS, COORES E. CELOY,
**Layout at Ilustrasyon** DINE YVE D. DAGANOS
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** COORES E. CELOY, DINE YVE D. DAGANOS
**Tagapayo** RONNIE D. DOMINGO



**DA-PCC NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** •Science City of Muñoz, Nueva Ecija•Telephone No.: (+63) (044) 456.0734•Email: pccoed2021@gmail.com **REGIONAL CENTERS: DA-PCC AT MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** Batac City, Ilocos Norte•(+63) (077) 792.3187 •(+63) 927.965.5724 •Email: pccmmsu@gmail.com **DA-PCC AT CAGAYAN STATE UNIVERSITY** Tuguegarao City, Cagayan •Telephone No.: (+63) (078) 377.9315 •Email: pccpiat07@yahoo.com**DA-PCC AT DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY** Rosario, La Union •Mobile No.: (+63) 920.982.9666 •Email: pccdmmmsu2020@gmail.com **DA-PCC AT CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY** Science City of Muñoz, Nueva Ecija •Telephone No.: (+63) (044) 940 3061•Mobile No.: (+63) 968.853.5754 •Email: pccclsu@gmail.com **DA-PCC AT UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES AT LOS BAÑOS** Los Baños, Laguna •Telephone No.: (+63) (049) 536.2729 •Mobile No.: (+63) 908.811.2841 •Email: pccuplb@gmail.com **DA-PCC AT VISAYAS STATE UNIVERSITY** Baybay City, Leyte •Telephone No.: (+63)(053) 563.7649 •Mobile No.: (+63) 917.145.4772 | (+63) 908.895.2461 •Email: pccvsu@gmail.com **DA-PCC AT WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY** Calinog, Iloilo •Telephone No.: (+63) (033) 323.4781 •Mobile No.: (+63) 999.991.6115 •(+63) 928.945.7760 •Email: pccwvsu@yahoo.com **DA-PCC AT LA CARLOTA STOCK FARM** La Granja, La Carlota City, Negros Occidental •Mobile No.: (+63) 919.006.8392 •Email: pcclcsf@yahoo.com **DA-PCC AT UBAY STOCK FARM** Ubay, Bohol •Mobile No.: (+63) 997.111.7680 |(+63) 945.119.3998 •Email: pccusf.ubay@yahoo.com **DA-PCC AT MINDANAO LIVESTOCK PRODUCTION CENTER** Kalawit, Zamboanga del Norte •Mobile No.: (+63) 912.784.4668| (+63) 906.726.0979 •Email: pcc_mlpc09@yahoo.com **DA-PCC AT CENTRAL MINDANAO UNIVERSITY** Maramag, Bukidnon •Mobile No.: (+63) 939.916.9719 | (+63) 966.645.6292 •Email: pccmusuan@yahoo.com **DA-PCC AT UNIVERSITY OF SOUTHERN MINDANAO** Kabacan, North Cotabato •Mobile No.: (+63) 919.397.0872 | (+63) 920.621.9722 •Email: usm_pcc@yahoo.com


# MGA NILALAMAN


3 Kwentong pag-asa at pagbangon

8 Pagbangon sa kabila ng mga hamon






12 Sirena sa ibabaw ng lupa

16 Pamanang kabuhayan, liglig na pag-asa ng bayan

18 Katas ng pagiging matiyagang OFW


**PALIWANAG SA PABALAT**

Si Pau Roguel, isang carapreneur mula sa Tanza, Cavite, ay nagpapatunay na ang pag-aalaga ng kalabaw at iba pang mga hayop ay walang pinipiling edad o kasarian. Ipinagmamalaki niya na ang katulad niyang "sirena" ay hindi lamang sa mga salon, pageantry, at modeling agency pwedeng kuminang, dahil ang iba ay nasa sakahan, nakabilad sa araw, at nag-aalaga ng baboy, kambing, at kalabaw.

(LARAWANG KUHA NI **DINE YVE DAGANOS**)

# KWENTONG *pag-asa at pagbangon*

NI RONALINE CANUTE





Ayon sa isang kasabihan, "hindi mahalaga kung ilang beses kang nadapa, ang mahalaga bumabangon ka mula sa iyong pagkadapa."

Kaakibat ng buhay ng isang tao ang pagdaanan ang mga karanasan na maaaring magpatibay o magpahina sa kanya. Sa istoryang ito ay matutunghayan ang kwento ng dalawang ama na hindi nagpatinag sa hamon ng buhay at panahon. Pareho nilang pinatunayan na hindi hadlang ang anumang kalamidad at karamdaman sa pagkakaroon ng maginhawang buhay. Sinasalamin ng kanilang kwento ang pag-asa, pagbangon, at pagkamatatag.

## Pag-asang 'di mabubuwag

"Bahala na si kalabaw."

Ito ang nabitawang salita ni Joselito "Joey" Canlas nang malaman ang gastusin sa chemotherapy sessions ng kanyang maybahay na si Rosalie. Noong Hulyo ng nakaraang taon, nadiagnosed na nasa early stage ng breast cancer ito.

Mula sa mahigit 40 na kalabaw ay 16 ang kanilang naibenta para sa chemotherapy sessions ni Rosalie at para na rin patuloy na matustusan ang pag-aaral ng kanilang anak at mga gastusin sa bahay.

"Sa laki ng gastusin para sa pagpapagamot kay misis ay nasagot lahat 'yon ng aming mga kalabaw. Kahit medyo marami na

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

“‘Yong tinitirhan kasi namin noon ay kubo lang. Kaya ‘pag may malakas na bagyo ay ramdam mo talagang umuugoy siya. Yung kinita namin sa paggagatas ay napunta para sa finishing ng bahay.”

**ROSALIE CANLAS**







ang naibenta namin, kumikita pa rin kami sa paggagatas kahit paano."

Sa kabila ng kanyang kundisyon, masaya pa ring ginagampanan ni Rosalie ang pagiging katuwang ng asawang si Joey sa paggagatas at pag-aalaga ng mga kalabaw.

"Alas-dos ng madaling araw, gigising na ako para ihanda ang mga gagamitin sa paggagatas saka ko gigisingin si mister at bibigyan ng maligamgam na tubig. Pagkatapos, ipagdadrive ko siya dahil pakakainin niya ang mga inahin. Habang ako naman ay pupunta sa farm at doon ko siya hihintayin habang ihinahanda ko ang mga gamit para pagdating niya ay gagatas na lang siya. Bawa't magatasan niya ay ako naman ang magsasala. Pagkatapos naming gumatas sa pagbukang-liwayway, babalikan ulit ni mister 'yong mga inahin samantalang iuuwi ko naman ang nakolektang gatas at itatawag na sa kukuha. Mga dakong alas-nuwebe ay nakauwi na noon si mister, nailipat na sa silungan ang mga alagang kalabaw at naasikaso na rin ang iba pang alaga naming hayop katulad ng kambing," pagdedetalye ni Rosalie sa araw-araw nilang gawaing mag-asawa.

Taong 2004 nang mapagpasyahan ng mag-asawang Joey at Rosalie na bumalik sa Bacolor, Pampanga. Pinahiraman siya ng kanyang bayaw ng lupang sasakahin na siya nilang naging panimulang kabuhayan na mag-asawa. Nguni't hindi pa rin ito naging sapat para sa pang-araw-araw nilang pangangailangan. Dito siya tinulungan ng kanyang mga kapatid na makapagtrabaho sa ibang bansa.

"Iyong kinita ko sa Japan ay ginamit naming puhunan para makabili ng mga native na kalabaw," pagkukwento ni Joey. Dahil sa naranasan niyang kita sa pagkakalabaw, minabuti ni Joey na huwag nang bumalik sa Japan at pagtuunan na lang ang pag-aalaga ng kalabaw.

Lalo nilang ikinatuwang mag-asawa nang malaman ang tungkol sa programa ng DA-PCC na bull entrustment. Kaagad din siyang nabigyan ng pagkakataon na makalahok sa isang training ng DA-PCC tungkol sa proper bull handling at nang mapahiraman na siya ng isang bulugan ay tinawag niya itong "Duterte".

Dahil sa kanyang natatangi at mahusay na pangangasiwa ng kanyang bulugan, kinilala si Joey na isa sa dalawang Outstanding Bull Recipients ng DA-PCC. Isa pang bulugan, na pinangalanan niyang "Patrick" ang naipagkaloob sa kanya bilang gantimpala.

Nang dahil sa pagkilala at sa 'di matatawarang benepisyong dulot ng natagpuang kabuhayan, lalong naging ganado si Joey sa pagkakalabaw at labis siyang nagpapasalamat sa Maykapal sa mga pinto ng pagkakataon na sunud-sunod na nagbukas para sa kanilang pamilya.

Ang dating umuugoy na kubo ay naging concrete na. Ang dating pinagtitiisan nilang lumang motorsiklo sa pagdedeliver ng gatas ay nadagdagan ng owner-type jeep at isang SUV.

"Kada makagatas at makabenta kami, nagpupundar kami kaagad ng mga gamit na makatutulong sa amin sa pagpapalago ng aming negosyo," ani Joey.

Sa katunayan noong 2014, sinimulan nilang itayo ang kanilang dream house. Mismong silang mag-asawa ang nagplano at nagtayo ng kanilang munting palasyo.

"'Yong tinitirhan kasi namin noon ay kubo lang. Kaya 'pag may malakas na bagyo ay ramdam mo talagang umuugoy siya. 'Yong kinita namin sa paggagatas ay napunta para sa finishing ng bahay," dagdag ni Rosalie.

"Gusto pa naming paramihin ang mga kalabaw para naman makabili kami ng milking machine. Balak din namin na palakihin pa ang aming bahay at kumuha ng kasama sa farm na tutulong sa pag-aalaga ng mga kalabaw," ani Joey.

Nang dahil pa rin sa pagkakalabaw,

SUNDAN SA SUSUNOD
NA PAHINA

napag-aaral ng mag-asawa ang kanilang nag-iisang anak na si Angela Marie, 21, sa kursong BS Hospitality Management sa Holy Angel University, sa Angeles, Pampanga.

Sa kabila ng mga biyayang kanilang natatanggap ay hindi nakakalimutang pasalamatan ng mag-asawa ang Panginoon. Anang mag-asawa, itinataas nila sa Diyos ang lahat ng papuri dahil sa kanilang nasumpungang mabungang kabuhayan. Nais din nilang ibalik sa kanilang kapwa ang magandang kaloob na ito sa kanila ng Diyos sa pamamagitan ng libreng serbisyo ng bulugang si Patrick.

## Determinasyong 'di matitinag

Katulad ni Joey, masipag ding katiwala ng bulugang kalabaw si Robert Butlig, 47, taal na taga Ubay, Bohol.

Bago mo marating ang kanilang bahay sa Barangay Bulilis ay kapansin-pansin sa daan ang mga nakabagsak na poste ng kuryente at mga sirang kabahayan at imprastraktura. Hindi pa gaanong nakakabangon ang lugar mula sa hagupit ng bagyong Odette noong Disyembre 2021.

Mula taong 2013 ay ilang kalamidad na ang dumaan at naminsala sa Bohol. Nauna na rito ang magnitude 7.2 na lindol na sinundan pa ng bagyong Yolanda, ng pandemya at ng katatapos nga na pananalasa ng bagyong Odette. Hindi biro ang pinsalang dulot ng mga nagdaang kalamidad sa kapuluan ng Bohol lalo na sa ekonomiya nito. Sa larangan ng agrikultura, karaniwang ang maliliit na magsasaka ang 'di maiiwasang dumaing dahil sa lugmok na kabuhayan.

Nguni't iba ang nakapintang liwanag sa mukha ni Robert nang makita kami. Sinalubong niya kami ng ngiti at mainit na pagbati na tila walang pinagdaanang mga unos sa buhay. Nakabibilib din ang sagot niya nang kumustahin ang kalagayan ng kanyang pamilya matapos ang kararaang bagyo: "Mabuti po, napakabuti ng Panginoon at hindi Niya kami pinabayaan."

Sa bandang likod ng kanilang bahay ay nakita naming mapayapang nanginginain ng damo ang mga nangakataling gatasang kalabaw sa ilalim ng puno ng niyog—isang magandang tanawin makalipas ang mapanirang bagyo.

Limang taon na ang nakalilipas nang simulan ni Robert na mag-buy and sell ng kanyang mga alagang kalabaw. Natutuwa siya at ang kaibigan na kasa-kasamang nagbubungkal ng lupa at nag-aalaga dahil nakapagparami sila ng mga kalabaw at tuluy-tuloy pa ang kita nila.

Daig pa niya ang nanalo sa lotto nang mapagtapos niya sa kolehiyo ang kanyang dalawang anak na sina Robert Jr., 25, sa kursong AB Political Science at Rowel, 23, sa kursong BS Computer Science. Ang bunsong anak naman na si Randy, 16, ay kasalukuyang nasa Grade 10.

Isa sa mga karaniwang perwisyong dulot sa mga Boholanong magkakalabaw tuwing dadaanan ng kalamidad ay ang kawalan o kakaunting kita mula sa gatas. Ganito rin ang sinapit ng pamilya ni Robert matapos ang kararaang bagyo.

"Kahit ganoon, hindi kami sumuko. Parte ng buhay ang makaranas ng paghihirap at pagkabigo. Gayundin sa pagkakalabaw kaya kailangan mo lang na magpatuloy, magsumikap, at magtiis," ani Robert.

Dose anyos nang mamulat si Robert sa gawaing pagkakalabaw at pagsasaka. Inspirasyon para sa kanya ang pagsisikhay sa buhay ng ama na noon ay madalas siyang isama sa bukid. Doon siya natutong magpakain at magpaligo ng kanilang mga alagang kalabaw.

"Katulad ng aking ama na nagturo sa akin ng buhay sa pagsasaka, gusto ko rin na matutunan ng mga anak ko ang aming kabuhayan. Kaya kahit magkasakit man ako o may biglaang lakad eh hindi ako mangangamba na walang hahalili sa akin para tingnan ang mga kalabaw," ani Robert.

Sa nakaraang 10 taon ay dalawang beses siyang nag-apply sa Bull Entrustment Program ng DA-PCC. Regular din siyang nagsusumite ng kanyang kumpletong records sa DA-PCC sa Ubay Stock Farm sa Bohol. Tinitiyak niyang nadodokumento nang mabuti ang mga bulong ipinapanganak dahil sa pagseserbisyo ng kanyang alagang bulugan.

Sinisiguro rin niyang malusog ang kanyang mga alaga at nabibigyan ng mga kinakailangang regular na bakuna, bitamina, at napupurga.

Ito naman ang kanyang payo sa lahat ng mga gusto ring mag-alaga ng kalabaw: "Sa pagkakalabaw, dapat hindi mo siya ginagawa lang dahil kikita ka. Gawin mo siyang isang habit at huwag kang mainip. I-enjoy mo lang ang pag-aalaga sa kanila. Kasi ang kalabaw parang tao, marunong din silang makaramdam." Ⓚ



“Kahit ganoon, hindi kami sumuko. Parte ng buhay ang makaranas ng paghihirap at pagkabigo. Gayundin sa pagkakalabaw kaya kailangan mo lang na magpatuloy, magsumikap, at magtiis.”

**ROBERT BUTLIG**









# Pagbangon SA KABILA NG MGA HAMON

## Kwento ng tagumpay ng kauna-unahang retort facility para sa sterilized milk sa Rehiyon 2

NI **MA. CECILIA IRANG-MARIANO**

Sa likod ng isang maganda at nakapupukaw na kwento ay ang mga tagong pagpapagal, mga masasakit na karanasang nalampasan, mga problemang natugunan, at mga hamon na napagtagumpayan.

Kagaya na lamang ng kwento sa likod ng tagumpay ng kauna-unahan at bukod-tanging retort facility para sa sterilized carabao's milk sa buong Rehiyon ng Cagayan Valley o Region 2 na dumaan din sa matinding pagsubok bago tuluyang naisaayos ang operasyon.

Buong-pusong idinetalye ni Noemi Liangco, presidente ng Amancio Nicolas Agri-Tourism Academy (AATA) sa Cordon, Isabela na namamahala sa nasabing retort facility, ang mga kinaharap at pinagdaanang pagsubok sa pagsisimula niya sa negosyong salig sa kalabaw partikular na sa pagsusupply ng sterilized milk at kung paano sila nakabangon dahil sa mga natanggap na tulong at suporta mula sa komunidad.

"I am just one person among the many people who made this possible. Gusto kong ma-acknowledge 'yong mga taong tumulong noong mga panahong hirap na hirap kami dahil sa totoo lang hindi talaga tungkol sa'kin ang buong kwento, bahagi lang ako nito," ani Noemi.

## Sinubok, nagtagumpay!

Isang kilalang negosyante sa Isabela, mataas ang pinag-aralan, at marami nang napatunayan sa larangan at industriya ng pagnenegosyo, buong pagpapakumbabang inaamin ni Noemi na sa kabila ng mga katangiang ito ay nangangailangan pa rin ang isang tulad niya ng tulong at suporta.

Kabilang ang negosyo ng pamilya ni Noemi sa labis na naapektuhan dahil sa banta ng pandemya. Isa sa tatlong branches nila ng sikat na fast food chain ang kinailangang magsara. Kabilang din sa huminto ang operasyon ay ang tatlong branches nila ng hotel at restaurant.

Batid ang magiging epekto nito sa mga tauhan at kasamahan niya sa negosyo na dito lamang umaasa, sinuong ni Noemi ang negosyong salig sa kalabaw para magkaroon sila ng ibang pagkakakitaan. Ito'y matapos siyang hikayatin ng mga kawani ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC).

"I was seeking support at mapalad ako na naramdaman 'yon ng DA-PCC kagaya nina Ma'am Mina Abella, Dr. Libertado Cruz, Dr. Caro Salces, Dr. Ericson Dela Cruz, Joel Cabading at mga empleyado ng DA-PCC sa Cagayan State University (DA-PCC sa CSU) at tinulungan nila ako," ani Noemi.

Matapos ang masinsinang pag-aaral at pagsisiyasat ukol sa bagong negosyo na kanyang susuungin, nagpasya nang humingi ng tulong si Noemi sa mga kaibigan niyang sina Jum Supaksiri at Yay San Pedro ng Belldas Thailand para sa retort facility ng sterilized carabao's milk.

"Ang nasa isip ko noon kung sasali ako sa milk feeding, paano ako maiiba? Hindi ka pwedeng mag-join sa market na gumagaya ka lang. Dahil lahat pasteurized milk ang produkto, nagresearch ako at napag-alaman ko na itong sterilized milk sa room temperature ay mas mahaba ang shelf life na aabot hanggang anim na buwan. Kaya ang target ko ay 'yong mga nasa malalayong lugar," paglalahad ni Noemi.

"Ayoko naman na kapag pumasok ako sa negosyong ito ay mawawalan ng pagkakakitaan 'yong ibang suppliers; dapat inclusive tayo, kaya mas maganda na magkaiba rin kami ng market. Hindi 'yong pagpasok ko na-exclude na 'yong iba. Kailangan lumalakas tayo as a community," dagdag niya.

Nguni't sa kanyang pagsisimula ay hindi naging madali ang daan na kanyang tinahak. Kabi-kabilang problema, mapapersonal at propesyunal, ang kinaharap niya sa kanyang lakbayin sa industriya ng paggagatasan.

Inilahad niya ang mga pinagdaanang pagsubok at kung paano siya mas pinatibay ng mga ito upang mas umigting ang pagnanais niya na makamit ang adhikaing maging bukal ng gatas ng kalabaw ang Cagayan Valley sa buong Hilagang Luzon.

"I am operating on the basis of trust and trustworthiness. Hindi ko napansin 'yong tunay na presyo ng retort facility dahil Thai Baht pala hindi Philippine Peso 'yong halaga na nakalagay. Kung napansin ko kaagad 'yon, hindi na 'ko tumuloy sa negosyong ito pero talagang may dahilan ang lahat dahil mabait 'yong supplier, nagtiwala siya sa'kin na mababayaran ko siya at sa awa ng Diyos naitawid ko ang huling balance ko sa kanya," kwento ni Noemi.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA



Maliban dito ay nagkaproblema rin sina Noemi sa packaging dahilan para maantala ang operasyon ng retort facility at subukan pansamantala ang pasteurized milk.

"Ito 'yong time na nakita ko talaga ang puso ng DA-PCC sa CSU partikular na sina Dr. Rovina Piñera at Dr. Aileen Bulusan na matulungan ako. Sabi nila magpasteurize muna ako para kahit papaano makabawi sa gastos," ani Noemi.

Sa Schools Division Office (SDO) ng Isabela nagsupply ng pasteurized milk sina Noemi para sa School-based Feeding Program (SBPF) ng Department of Education (DepEd) sa ilalim ng RA 11037 o "Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act" nguni't may kalayuan ang mga lugar dahilan para mapanis ang ibang gatas habang ibinabyahe patungo sa drop-off point kung saan nasa kabuuang 60,000 pouches ng pasteurized milk ang nasayang.

"Ang training namin sa global brand, food safety is all or nothing. Kaya hindi na namin pinanghinayangan 'yong lugi sa mga nasirang gatas. 'Yong ibang pouches na hindi nasira ay ipinamigay namin sa community," wika ni Noemi.

Maliban sa problema sa kanyang negosyo ay dumaan din sa matinding personal na pagsubok si Noemi na mas lalong nagpahirap sa sitwasyon niya nguni't sa halip na sumuko ay pinanghawakan niya ang pananampalataya na "ito ay bahagi ng napakagandandang grasya ng Panginoon dahil wala namang maganda na hindi pinaghihirapan".

"Sa tagal ko nang nagnenegosyo, sa dami ng mga pagsubok na pinagdaanan ko, hindi naman ako pinabayaan ng Diyos. Nandoon na ako sa punto na pati ang mga paghihirap ay itinuturing ko na ring mga blessings. Halimbawa, kung mayroon akong ma-discover na hindi magandang behavior ng mga empleyado, ang sinasabi ko sa sarili ko ay ganito: 'Noemi, hindi ito personal sa'yo, ito na ang institution na ginagalawan mo'," paliwanag ni Noemi.

Ayon kay Noemi, tinulungan siya ni Mina Abella, milk feeding national coordinator ng DA-PCC, na makipag-ugnayan at sumangguni kay Jaime Tiongson ng Laguna Training and Consultancy Services, para sa operasyon ng kanilang retort facility.

"Talagang dumarating ang mga anghel kapag kailangan mo. Ni-refer ni Sir Jaime si Sir Noel Laforteza ng Bagong Pag-asa Engineering Company para tulungan ako sa packaging machine. True to its name "Bagong Pag-asa", binigyan nila kami ng bagong pag-asa sa kabuhayang ito dahil pinautang muna nila sa'min 'yong machine. Tinulungan din kami ng Integrated Farmers' Cooperative sa mga materyales," nakangiting sambit ni Noemi.

Disyembre 2021 nagsimula nang magdeliver ng 83,208 pouches ng 180 ml sterilized carabao's milk ang AATA para sa 3,467 benepisyaryo ng 3rd batch ng milk feeding program sa SDO Isabela sa loob ng 24 feeding days. Samantala, 148,800 pouches ng sterilized milk naman ang naideliver nila sa CAR Region para sa 1,240 benepisyaryo at 552,000 pouches para sa 4,600 benepisyaryo sa Region 2 sa loob ng 120 feeding days sa ilalim naman ng 11th cycle ng feeding program ng Department





*"Everything is Grace. May kinapuntahan lahat ng luhang iniiyak. Hindi ako nawalan ng pag-asa at naniwala ako na maganda ang bunga ng lahat ng ito basta manalig ka at marunong kang kumilala sa mga taong tumulong sa'yo noong panahong lugmok na lugmok ka."*

**NOEMI LIANGCO**



of Social Welfare and Development (DSWD).

Nasa kabuuang 30,000 pouches ng sterilized milk ang napoprodyus ng AATA sa isang araw. Nanggagaling ang supply nito ng gatas mula sa inaasistehang kooperatiba ng DA-PCC sa CSU gaya ng Quirino Dairy Cooperative (QUIDACO) sa Maddela, Quirino at San Agustin Dairy Cooperative (SADACO) sa San Agustin, Isabela. Nagsupply din ng gatas dito ang Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives sa Talavera, Nueva Ecija at DA-PCC sa CSU.

### Retort facility

Layunin ng retort facility ng AATA ang isterilisasyon ng gatas ng kalabaw sa Region 2 upang mas mapaigting pa ang produksyon at pagsasapamilihan ng gatas sa KIsAViQ dairy zone na kinabibilangan ng mga probinsya gaya ng Kalinga, Isabela, Aurora, Nueva Vizcaya, Ifugao, at Quirino. Ito'y inaasahang makapagbibigay ng siguradong kita sa mga maggagatas at makatutulong sa pagpapabuti ng kalusugan ng mga batang kulang sa nutrisyon na nasa malalayong lugar sa hilagang bahagi ng Luzon.

"Grabe ang epekto ng pandemya sa negosyo namin kaya malaking blessing talaga ang pagdating ng dairy enterprise. Nakita ko na pangmatagalan ito dahil nasa batas na siya at gusto namin ng asawa kong si Amancio M. Liangco Jr. na magretire sa negosyong ito. Dahil dito, walang edad, walang prangkisa, at pwedeng iwanan sa next generation. Nakita ko na pinagpapala ng Panginoon ang negosyo na may magandang dulot sa komunidad," buong-pagmamalaking sabi ni Noemi.

Determinado ang AATA na buong-pusong tangkilikin ang negosyong salig sa kalabaw. Sa katunayan, nagpoproseso na rin sila ng dairy products gaya ng choco milk, pandan-flavored milk, at pasteurized milk na nakapakete sa mga foil pouches. Mayroon din silang inaalagaang 13 kalabaw na nakasuga sa 30 ektaryang lupain nila kasama ang ilan pang mga hayop gaya ng mga tupa at manok.

Bukod sa gatas ng kalabaw, iba't ibang agri-products din ang handog ng AATA para masuportahan ang mga lokal na magsasaka gaya ng santol wine, coffee, buro, green tea, at iba pang mga organikong produkto. Plano rin ng AATA na magparami ng green tea para sa organic milk tea gamit ang gatas ng kalabaw na nakalinya nilang ilunsad sa hinaharap.

Sa kasalukuyan, tapos na ang 2021 contract commitment ng AATA sa milk feeding program at naghahanda na para sa kakailanganing supply ng sterilized milk para sa feeding program sa 2022.

"Everything is Grace. May kinapuntahan lahat ng luhang iniiyak. Hindi ako nawalan ng pag-asa at naniwala ako na maganda ang bunga ng lahat ng ito basta manalig ka at marunong kang kumilala sa mga taong tumulong sa'yo noong panahong lugmok na lugmok ka," patotoo ni Noemi.

Ang kwento ng lakbayin ni Noemi sa negosyong paggagatasan ay sumasalamin sa marami pang istorya na nagpapatunay na "no man is an island", na sa lahat ng kaganapan ay laging may magandang kahihinatnan ang pagtutulungan at makabuluhang ugnayan. Ⓚ

# 'Sirena' sa ibabaw ng lupa



NI **RONALINE CANUTE**

Kilay? Check! Lipstick? Check! Outfit? Check! Sombrerong pambukid? Check na check! Perfect na ang OOTD look para sa buong araw na pagrampa sa sakahan.

Tampok sa kwentong ito si John Paulo "Pau" Roguel, isang magkakalabaw mula sa bayan ng Tanza, Cavite, na isang miyembro ng LGBTQ+ at isang patunay na ang mga katulad niya ay hindi lamang sa mga salon, pageantry, at fashion pwedeng kuminang dahil ang iba ay kering-keri ring makipagsabayan sa sakahan, magbilad sa arawan, at mag-alaga ng baboy, kambing, at kalabaw.

Sa isang report noong taong 2014 na may pamagat na "Being LGBT in Asia: The Philippines Country Report", ang mga LGBTQ+ ay nalilimitahan sa mga oportunidad at pagpipilian katulad na lang ng pagpapasuot sa kanila ng damit na "naaayon" sa kanilang kasarian batay sa mga social norms.

Lumang isyu na ang tungkol sa kakayahang mag-ambag sa lipunan ng mga kabilang sa LGBTQ+ community at lumang tugtugin na rin ang diskriminasyon sa kanila hindi lang sa trabaho kundi sa kabuuang lipunan. Angat na ang katulad nila sa maraming larangan at natatangi ang kanilang galing at talento.

Ganyan si Pau sa kanyang napiling propesyon—ang pagkakalabaw. Halos linggo-linggo ay marami ang tumatawag at naghahanap sa kanya hindi upang humingi ng payo tungkol sa pagpapaganda o pag-aayos kundi para humingi ng kanyang serbisyo sa mga bagay na may kinalaman sa pag-aalaga ng mga hayop.

**Nagsimula sa isang pangarap**

Nagsimula ang pagkahilig ni Pau sa mga hayop noong siya ay bata pa. Kasiyahan niya noon pa ang mag-alaga at makipaglaro sa mga ito.

Bumili ako noon ng bibe sa palengke tapos naghukay ako ng maliit na pool sa likod ng bahay namin para may languyan sila tapos galit na galit ang nanay ko kasi 'yong tubig pumapasok sa loob ng bahay kaya tinabunan ulit. Pero dahil gusto kong maalagaan ang mga bibe humukay ulit ako sa tabi," natutuwang pagbabalik-tanaw ni Pau.

Simula pagkabata'y pangarap na ni Pau ang maging isang agriculturist o veterinary doctor. Nang maka-graduate na siya ng hayskul ay pinalad siyang makakuha ng scholarship program kaya't ganoon na lang ang kanyang tuwa na posible na niyang maabot ang kanyang pangarap. Nguni't 'di nagtagal ang kanyang pagsasaya dahil nanlumo siya nang sabihin ng ina na uunahin muna nilang pag-aralin ang kanyang nakatatandang kapatid.

Sa sama ng kanyang loob ay naglayas siya at nakipagsapalaran sa ibang probinsiya. Namasukan siya sa iba't ibang uri ng trabaho hanggang sa makalimutan ang naudlot na pangarap. Hanggang sa noong taong 2015 ay dumating sa buhay niya ang partner na si Rodel at napagdesisyunan na nilang bumalik ng Cavite. Para kay Pau ay maituturing niyang isang biyaya si Rodel dahil ang kanyang inakalang namatay nang pangarap ay nabuhay simula nang makilala niya ito.

"Minsan ay niyaya ako ni Rodel na sumilip sa mga hog raisers sa kabilang barangay na puro native pigs ang alaga. Naengganyo kaming subukan din kaya't nagdesisyon kaming mag-ipon na para makabili ng dumalaga. "Namasukan ako bilang isang canteen helper samantalang si Rodel ay sa construction naman," ani Pau.

**Pagkadapa at pagbangon**

Naging maganda ang takbo ng kabuhayan nina Pau at Rodel dahil sa sipag at tiyaga sa pag-aalaga ng mga baboy.

Nang makaipon na ang dalawa ay nagdagdag pa sila ng mga alagaing baboy at nagrenta ng lupa na may Php500 na buwanang renta. Naging masagana ang kanilang babuyan na nagdulot sa kanila ng maalwan na pamumuhay. Pinangalanan niya itong Tanza Natural and Integrated Farm.

Kahit hindi pormal na nakapag-aral tungkol sa paghahayupan, pinagbuti ni Pau ang pagbabasa, panonood ng learning videos, at pag-attend sa mga trainings para madagdagan pa ang kanyang kaalaman tungkol sa livestock farming.

Pero noong 2019, isang nakamamatay na viral disease ng mga baboy na kung tawagin ay African Swine fever (ASF) ang naminsala sa industriya ng pagbababuyan sa buong mundo kabilang na ang Pilipinas.

Hindi nakaligtas ang farm nina Pau sa napakalaking pinsalang dulot nito. Ni isa ay wala silang nailigtas kaya't tuluyan nilang iniwan ang negosyo. Hindi pa man nakakabangon sa sinapit, heto naman at dumating ang pandemya.

Noong kasagsagan ng lockdown ay marami rin sa kanyang mga kaibigan at kakilalang dairy farmers ang nagkaproblema kung saan nila ibebenta ang sobrang gatas. Batid ang kanyang impluwensya, nilapitan si Pau ng mga kaibigan at walang pag-aatubiling tinulungan niya ang mga itong makabenta sa pamamagitan ng pagpopost sa Facebook.

"Nagulat ako na marami ang nagtanong kung magkano daw ang gatas. Dumami na rin ang naging health conscious kaya naisipan

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

naming mag-buy and sell na rin ng gatas. Inaangkat namin ang gatas sa mga dairy farmers sa mataas na presyo kaya nakatutulong pa rin kami sa kanila habang kumikita rin kami kahit paano,"ani Pau.

Aniya pa, "Araw-araw, nakapagbebenta kami ng 100 bote ng gatas at saka idagdag mo pa 'yong kesong puti. Umaabot sa Php3,000 kada araw ang aming kita."

Nagpatuloy ang kanilang buy and sell na negosyo hanggang sa mag-new normal. Unti-unti, gumanda na uli ang takbo ng kooperatiba kung kaya't nadagdagan na ang aning gatas na pwede nilang ibenta o iproseso linggo-linggo.

Desidido rin siyang paramihin pa ang kanyang dalawang alagang kalabaw na sina Ceres at Hera upang masubukan din niya ang negosyo sa paggagatas.

**Pagyakap sa husga ng lipunan**

Sa isang naisagawang research ng University of New Hampshire na may pamagat na "Queen Farmers: Sexuality and Transition to Sustainable Agriculture," napag-alamang ang mga miyembro ng LGBTQ+ ay hindi pinapansin bilang mga potensyal na magsasaka o tagapagtaguyod ng agrikultura.

Maging si Pau ay nakaranas ding mahusgaan dahil sa kanyang kasarian. Nang nagsisimula pa lang siya bilang livestock farmer ay marami ang nagtaas ng kilay at kinuwestyon ang kakayahan niya maging ang kanyang pananamit sa tuwing mamumukid.

"Sabi nila na bading daw ako at wala akong patutunguhan sa farming. Sabi ko naman, 'wag 'yon ang tingnan niyo kundi 'yong magagawa ko," pagkukuwento ni Pau tungkol sa madalas niya noong







“Sabi nila na bading daw ako at wala akong patutunguhan sa farming. Sabi ko naman, ‘wag ‘yon ang tingnan niyo kundi ‘yong magagawa ko.”

**JOHN PAULO ROGUEL**

nararanasang pangungutya. Pero kung marami ang ayaw sa kanya, natutuwa si Pau na mas marami pa rin ang naiinspire.

**Modelo sa nakararami**

Habang nagtatagumpay si Pau sa kanyang nasumpungang kabuhayan, tumitindi rin ang kanyang adbokasiyang ibahagi ang mga kaalamang natututunan sa lahat ng magkakainteres na pasukin din ang negosyong ito maging ano man ang kanilang kasarian.

Pinalitan na rin niya ang dating pangalan ng farm sa “Farming sees no gender” bilang pagpapakilala ng kanyang paniniwala na ang pagsasaka ay walang kinikilingang kasarian.

Nang dahil sa naipamalas niyang husay sa pag-aalaga ng kambing, at dalawang kalabaw, ang kanyang farm ay sikat na ngayon hindi lang sa kanilang lugar kundi maging sa mga karatig probinsiya. Linggo-linggo ay marami ang kumukuha ng kanyang serbisyo para sa deworming, vitamins, at iba pang gawaing masisiguro ang kalusugan ng mga alagang hayop.

“Hindi ako naniningil sa ibinibigay kong serbisyo dahil ‘yong paggaling o pagbuti ng kalusugan ng mga alaga nila ay sapat na. ‘Yong iba magpapaabot ng bayad o di kaya’y sasagutin ang panggas ko, pagkain o tulugan. Naniniwala ako na sa simpleng pamamaraan ay nagiging pagpapala ako sa aking kapwa na walang hinihiling na kapalit. Marahil ay ito talaga ang layunin ko sa buhay kaya’t dito ako dinala ng Panginoon,” ani Pau.

Regular din siyang nagsheshare ng mga ginagawa niya sa farm sa kanyang Facebook page. Nais niyang maging instrumento ng pagkamulat ng mga millennials na katulad niya na may magandang oportunidad sa agrikultura.

“Gusto kong mamulat ang ating lipunan sa kung ano ang magandang buhay na naghihintay sa agrikultura. Dapat tulungan natin ang ating bansa na ‘wag nang umasa sa mga imported,” ani Pau.

May payo rin si Pau sa mga nagdadalawang-isip na pasukin ang livestock farming. Aniya, “Alamin, tangkilikin, at simulan na nila. Kailangan natin ang mga kabataan para ipagpatuloy ang nasimulan na. Sa mga ahensya ng gobyerno, ipush lang nila nang ipush ‘yong mga trainings para maganyak ang mga millennials at malaman nila na may pera sa agrikultura.”

Hindi man natupad ni Pau ang pangarap na maging propesyunal na agriculturist o veterinary doctor, daig pa niya ang nakapagtapos dahil sa mga napagtagumpayan niyang hirap at sa mga kaalamang naipon niya dahil sa mga pinagdaanan. Aniya, maalab pa rin ang pagnanais niyang magpatuloy kahit ilang pagsubok pa ang pagdaanan.

“Ako si John Paulo a.k.a. “Pau” Roguel, 27, ang LGBTQ farmer ng Julugan II, Tanza, Cavite at naniniwala ako na ang pagsasaka ay isang eskwelahan na puno ng kaalamang higit pa sa matututunan natin sa paaralan. Naniniwala rin ako na panahon na upang baguhin ang pananaw ng iba na ang pagsasaka ay hanapbuhay para lang sa mga kalalakihan at kababaihan. Naniniwala ako na kung kaya nila ay kaya rin naming mga sireyna and I, thank you!”




# Pamanang kabuhayan, LIGLIG NA PAG-ASA NG BAYAN

NI **DINE YVE DAGANOS**

Karaniwan na sa mga kabataang bagong nakapagtapos ngayon ang maghangad ng trabaho sa malalaking siyudad o mga kumpanya o di kaya'y maranasang humawak ng mataas na posisyon sa lipunan. Kung may pagpipilian, ito'y ayon sa maraming pag-aaral, hindi ang larangan ng agrikultura ang makapupukaw sa atensyon o ambisyon ng isang kabataan.

Ibang-iba naman dito ang pananaw ng isang kabataan sa Bohol. Si Pedro "Jay" Valles III, 22 taong gulang, at ang kanyang ama na si Pedro Valles Jr., 46 taong gulang ng barangay Tipolo, Ubay, ay parehong kinagisnan ang pagsasaka sa murang edad.

Pangunahing hanapbuhay sa Central Visayas, kabilang ang lalawigan ng Bohol, ang pagsasaka. Sa katunayan, ayon sa Bohol Provincial Planning and Development Office, nasa 184,847 hectares o halos 45% ng kabuuang lupa ng probinsya ang nakalaan sa pagsasaka kasama na ang sa livestock at poultry production.

Katuwang ang buong pamilya kasama ang dalawang nakababatang kapatid at inang si Elsie, ilan sa mga pananim na

sinasaka nina Jay ang saging, buko, palay, at ibang gulay katulad ng kalabasa. Taong 2019, nagsimula na ring magbenta ng gatas ng kalabaw sina Jay mula sa dalawang Italian buffalo na ipinagkaloob sa kanila ng DA-PCC taong 2014. Taong 2019 din nang mapahiraman sila ng bull na siyang magkasunod na nakapagpabuntis sa dalawa niyang inahin. Ito'y matapos na maging kalahok sa Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) training ng DA-PCC ang kanyang tatay na si Pedro.

"Malaki ang kita sa paggagatas ng kalabaw." Ito ang mariing sagot ni Jay sa tanong kung bakit pinipili niyang manatili sa pagbubukid at pagkakalabaw. Katulad din ng ibang kabataan, minsan na ring sinubukan ni Jay na lumuwas sa lungsod para maghanap ng ibang mapagkakakitaan.

Matapos ang kaniyang pag-aaral sa ilalim ng Alternative Learning System (ALS) Program ng Department of Education (DepEd) noong 2020, nagdesisyon siyang pumunta ng Bulacan upang doon maghanap ng trabaho. Nakakapanibago man at malayo sa nakagisnang buhay sa probinsya ay buong tapang pa ring sinuong ng binata ang panibagong pakikipagsapalaran. Isang taon siyang nagtrabaho bilang bodegero, tatlong buwan bilang tricycle driver, at isa pang buwan bilang service boy sa isang water refilling station. Hindi nagtagal, napagod si Jay sa pagpapalipat-lipat ng trabaho kaya't nagdesisyon siyang bumalik na lang ng probinsya.

"Mas mainam pa rin ang pagkakalabaw kaysa sa dati kong pinasukan," pagkukumpara ni Jay noong magbalik sa pagpapastol at paggagatas ng kalabaw.

"Minuto lamang ang pagkuha ng gatas at hindi rin matrabaho ang pagpapakain sa kanila," dagdag pa niya.

## Mga wastong kasanayan sa pagkakalabaw

Ibinahagi rin ng binatang magkakalabaw ang ilan sa mga kasanayan nila sa wastong pag-aalaga ng kalabaw upang mapanatili itong produktibo. Ayon kay Jay, importante ang regular na pagbibigay ng bitamina at pagpupurga.

Sa paggagatas naman, dapat aniyang panatilihing malinis ang mga kalabaw at ang milk collection facility upang masigurong de-kalidad ang aning gatas.

"Pinaliliguan muna ang mga kalabaw saka pinatutuyo. Sunod na inihahanda ang lalagyan ng gatas na may kasamang malinis na telang pansala. Pagkatapos makolekta ang gatas ay dinadala ito malapit sa kalsada para mabilis na maisasakay ng collector," ani Jay.

Ganito ang eksena sa paggagatasan ni Jay tuwing alas-sais hanggang alas-siete ng umaga araw-araw. Aabot aniya sa anim na litro ang nakukuha sa isang kalabaw na ibinibenta nila sa halagang Php50 bawa't litro.

Dahil sa malaking kita mula rito, pangarap ni Jay na dumami pa ang kanyang mga gatasang kalabaw at pinaplano na rin niyang subukan ang carabao breeding para mangyari ito.

## Mga hamon sa pagkakalabaw

Mahirap ang supply ng tubig sa barangay Tipolo lalo na sa panahon ng tag-init na nagsisimula tuwing buwan ng Marso. Bagama't malakas kahit sa gitna ng matinding sikat ng araw, nakararanas pa rin ng pagkabalisa ang mga kalabaw dulot ng uhaw at kawalan ng lubluban dahil sa pagkatuyot ng mga lawa at water holes.

Sa pagdaan ng bagyong Odette sa pulo, humina rin ang bentahan ng gatas. Kasunod nito ay ang biglaang pagtigil ng isa sa kanilang kalabaw sa pagbibigay ng gatas. Hinala ng pamilya ni Jay na marahil ay bunga ito ng stress na pinagdaanan ng kalabaw dahil sa malalakas na hangin at ulan na dulot ng nagdaang bagyo.

Gayunpaman, masasabing mapalad pa rin ang kanilang pamilya at hindi gaanong malaki ang naidulot na pinsala ng bagyo sa barangay samantalang ang mga karatig-bayan ay hindi pa rin tuluyang nakababangon sa tinamong pinsala at trauma.

## Haligi ng masaganang agrikultura

Nang tanungin kung may balak pa ba siyang maghanap ng ibang trabaho, ang tahasang sagot ni Jay ay wala na dahil ang kanyang buong atensyon, aniya, ay nakatuon na sa pagkakalabaw. Kung para sa ibang kabataan ang pagsasaka ay huli sa kanilang mga pinagpipiliang propesyon, para kay Jay ay mahalaga ang pagsasaka at kailanma'y hindi matatawaran ang katuturan ng gawaing ito.

"Sa mga kabataan ngayon, hindi hamak na trabaho ang pagsasaka dahil sa katunayan ay isa itong malaking business opportunity. Katulad ng iba ring hanapbuhay, kikita at yayaman ka rito. Sa katunayan, kaya nitong talunin ang kita ng ibang propesyonal," ani Jay.

"Kung walang mga magsasaka, mawawalan ng pagkain ang mga tao. Kung walang mga kabataang magsasaka, wala ring pag-asa ang ating agrikultura sa mga susunod na panahon. Sa paggagatas ng kalabaw malaki ang kita at hindi nangangailangan ng matinding trabaho," panghihikayat niya.

Mangilan-ngilan sa ngayon ang mga kabataang katulad ni Jay na piniling sumunod sa yapak ng kanyang mga magulang na magsasaka. Ngayong nakararanas tayo ng kabi-kabilang hamon dulot ng pandemya at mga kalamidad, ang pamanang kabuhayan ay maituturing na rin ngayong pag-asa ng bayan. Ⓚ



# Katas ng pagiging matiyagang OFW

NI **COORES CELOY**



"Kapag ako nagkatrabaho, bibili ako ng maraming kalabaw." 'Yan ang pangakong itinaga ni Joseph sa bato isang dekada na ang nakalilipas bunsod ng nasaksihang labis na pagkalungkot ng ama nang mabenta ang kanilang mga alagang kalabaw.

Si Joseph Mallari, 36 anyos, tubong Floridablanca, Pampanga ay lumaki sa pagsasaka dahil sa madalas siyang isama noon ng ama sa bukid.

"Noong bata pa kami, mulat na kami sa bukid. Ako ang inaasahan sa pagtulong sa mga gawain doon kaya't alam ko ang trabahong pagsasaka," pagbabalik-tanaw ni Joseph.

Sa ngayon, pagiging seafarer ang pangunahing hanapbuhay ni Joseph. Mahigit 10 taon na siya sa propesyong ito at ganoon na rin kahabang panahon ang sakripisyo niyang hindi makasama ang kanyang asawa at mga anak para tuparin ang pangarap para sa pamilya.

Sa datos ng Philippine Overseas Employment Administration (POEA, 2006), nasa 1,221,417 Pilipino ang nagtatrabaho abroad bilang Overseas Filipino Worker (OFW) at kabilang na rito si Joseph.

Pangalawa si Joseph sa limang magkakapatid na puro babae. Dahil nag-iisa syang lalaki, madalas na siya ang inaasahang tutulong sa bukid kasama ang kanilang ama na noo'y sa mga alagang kalabaw umaasa sa kita.

Nguni't noong silang lahat na magkakapatid ay magsabay-sabay nang nag-aral at si Joseph noo'y nasa kolehiyo na sa kursong Bachelor of Science in Marine Transportation sa isang unibersidad sa Pampanga, hindi na nakayanan ng kanilang magulang na tustusan ang kanilang mga pangangailangan kaya't unti-unting nabenta ang mga kalabaw ng kanilang ama.

Ani Angelito Mallari, 63 anyos, ang pag-aalaga ng kalabaw ang nakapagtawid sa kanila sa mahahalagang gastusin sa ilang pagkakataon.

"May kalabaw kami noon pero ibinenta namin sa halagang Php50,000 na nagamit namin para sa pag-aaral ng aking mga anak na dalawa sa kanila ay nursing ang kurso," pagkukwento ni tatay Angelito.

Noon nabuo sa isip ni Joseph ang halaga na dulot ng kalabaw sa kanyang ama at sa kanilang buong pamilya. Ipinangako niya sa kanyang sarili na papalitan niya ang mga kalabaw na naibenta noon ng ama.

### Pakikipagsapalaran

Nang makapagtapos si Joseph sa kolehiyo ay kaagad siyang pumalaot sa mundo ng pakikipagsapalaran bilang isang seafarer dala-dala ang naipangako sa sarili.

Nang makaipon ng sapat na pera ay walang pag-aatubiling bumili siya ng limang kalabaw para sa ama. Lubos ang naging kagalakan ni Tatay Angelito sa ginawa ng anak.

Hindi naging madali para kay Joseph ang pagiging OFW. Tiniis niya ang kalungkutang mahiwalay sa kanyang pamilya lalo na noong magkasakit ang ama kaya't naging limitado ito sa pagtatrabaho sa bukid.

Habang nasa barko si Joseph, nakapanood siya ng isang palabas tungkol sa pagnenegosyo ng kalabaw. Doon siya nagkainteres na pasukin



ang katulad na negosyo at nagsimulang umattend ng mga online trainings at seminar ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC). Hindi inakala ni Joseph na simula na ito ng kanyang pagtatagumpay sa pagkakalabaw.

### Mga mabuting kasanayan sa pagkakalabaw

Sinisiguro ni Joseph na lahat ng binibili niyang kalabaw ay maganda ang lahi at pawang mga babae dahil bukod sa pwede itong paramihin ay pwede rin itong gatasan.

Samantala, ang mga lalaking kalabaw naman ay ibinebenta o kinakatay. Paniniguro rin ito na hindi madidisgrasya ang mga kasamang buntis na kalabaw.

Bukod sa full-time na trabaho sa barko ay nakuha pa ring tutukan ni Joseph ang pagkakalabaw.

Matiyaga siyang nagrerecord ng lahat ng mga transaksyon na may kinalaman sa negosyo para mas madali niyang ma-audit ang mga gastusin. Kabisado rin niya ang schedule kung kailan manganganak ang mga buntis na kalabaw at kung kailan dapat sila uli magbubuntis.

Hindi naman maiiwasan ang pabagu-bagong klima na nagdudulot ng sakit sa mga kalabaw kung kaya't mababa ang produksyon ng mga ito.

"Mga challenge ito sa pag-aalaga ng kalabaw lalot na't malayo ako. Pero 'pag nasanay ka na at ginawa mo itong hobby, madali na lang ang lahat," pagbabahagi ni Joseph.

Sa kasalukuyan, 38 na kalabaw na ang inaalagaan ni Joseph at 10 roon ang ginagatasan. Sa isang araw ay 'di lalampas sa 40 liters ang kanilang nakokolektang gatas na dinadala sa palangke at sa pagawaan ng pastillas. Naibebenta nila ng Php80 ang kada litro at Php30 naman ang kada ketchup-size na bote.

Nang dahil sa sipag at tiyaga sa negosyong ito, nakapagpundar na sila ng sariling bahay at sasakyan.

Masayang nagretiro ngayong taon si Joseph bilang seafarer dahil alam niyang natupad na ang pangakong binitbit niya noong sumampa sa barko.

Balang araw, ang pangarap niyang dumami pa ang kanyang mga alagang kalabaw at makapagpatayo ng sariling milk processing facility ay nakatakda rin niyang tuparin.

> Bawa't pangarap na itinaga sa bato ay pangarap na posibleng matupad. Pinatunayan ito ni Joseph nang ang mga ipinangako sa sarili ay pinagsumikapang hindi anurin sa dagat kundi totoong mangyari lahat.



I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Genepool.

### DA-PCC K-Portal

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

### DA-PCC Virtual Tour

Maaari na ring bisitahin ang aming National Headquarters at Genepool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.




## 1 *Bull Entrustment Program*

Purebred dairy-type bulls are loaned out to qualified farmers for natural mating with native or crossbred carabaos in areas where AI services are not available.

## 2 *Training and Technical Assistance*

Trainings on animal reproduction, animal nutrition, animal health, forage production, cooperative development, dairy production and processing and marketing are provided to farmers and the agency's partner-implementers.

## 3 *Community Development*

The agency takes premium in ensuring the mobility of the social medium, the cooperatives, assisting in organizational strengthening and in enterprise development.

## 4 *Frozen Buffalo Semen Distribution*

Selected bulls undergo performance and progeny testing and these are processed at the PCC Semen Laboratory.

Frozen semen are made available nationwide through a systematized semen distribution system linked with AI technicians, cooperatives, DA-RFUs and LGUs.

## 5 *Production of Quality Feeding Stocks*

Out of the institutional herds of purebred buffaloes, breeding stocks are produced and are made available to interested farmers at production cost. This would ensure that, other than superior breeds accessible either by the semen used in AI or bulls for natural mating, breeder female dairy stocks of good quality are also available.

## 6 *Laboratory Services*

Committed to a continued full support to its clients, laboratory services are provided including analysis of feed and milk samples, and animal health-related tests.

## 7 *Artificial Insemination (AI)*

Rendered nationwide in villages by trained private village-based AI technicians (VBAITs) as well as technicians of local government units and PCC, AI is used to produce animals with better productivity for milk and meat through sustained backcrossing to at least four generations, without disregard for draft power through harnessing superior genetic materials of riverine buffalo breed.